

Paghahanay ng Ngipin Take Two

Ano ang orthodontic na paggamot?

- Kasama sa orthodontic na paggamot ang paggamit ng mga pangwastong appliance para ayusin ang mga problema sa paghahanay ng mga ngipin at panga.



- Karaniwang ginagamit ng mga orthodontist ang mga nakapirming brace gamit ang mga pangkapit at wire.



- Minsan, gumagamit ang mga orthodontist ng mga natatanggal o nakapirming gumaganang appliance sa ilang lumalaking bata para pabutihin ang paglaki ng mga panga.



- Sa ilang simpleng kaso, sapat na ang mga natatanggal na appliance para makuha ang gustong resulta ng paggamot.



Anu-anong kondisyon ang nangangailangan ng orthodontic na paggamot?

Nangangailangan ng orthodontic na paggamot ang mga sumusunod na kondisyon:


- Nakakaapekto sa panlabas na anyo at sikolohikal na katayuan ang sungking ngipin, lalo na sa mga bata at kabataan.



- Mas mahirap linisin ang hindi pantay-pantay na mga ngipin. Mas madaling sumingit ang plaque at pagkain sa ngipin na nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng sirang ngipin at sakit sa gilagid.



- Nakausling mga ngipin o reverse bite



- Maaaring humantong sa pagkapinsala ng gilagid at mahirap na pagnguya ang hindi pantay na pagkagat



Mga Pangkalahatang Tanong

1. Kailan ang pinakamainam na panahon para simulan ang orthodontic na paggamot?

Mas nagiging maganda ang mga resulta ng paggamot sa lumalaking mga bata. Karaniwang mas matagal ang orthodontic na paggamot sa mga taong nasa hustong gulang na, dahil huminto na ang paglaki ng mga ito. Mas mataas din ang panganib ng mga komplikasyon sa mga taong nasa hustong gulang na. Papayuhan ka ng iyong orthodontist kung kailan ang tamang panahon ng paggamot.

2. Masakit ba ang orthodontic na paggamot?

May kaunting kirot na nararamdaman ang karamihang tao matapos ang unang paglagay ng kanilang mga brace o kapag iniayos ito sa panahon ng paggamot. Panandalian lang ang hindi pagiging komportable at madali itong pamahalaan.

3. Anu-ano ang masasamang epekto ng orthodontic na paggamot?

Sa panahon ng orthodontic na paggamot, maaaring humantong sa pagkasira ng ngipin, mga puting batik-batik (pagkatanggal o pagkawala ng calcium o decalcification) at sakit sa gilagid ang hindi maayos na pangagalaga sa bibig. Maaaring mamatay sa katagalan ng panahon ang ngipin na dati nang nasira o napinsala. Maaaring lumala ang isang namatay na ngipin sa panahon ng orthodontic na paggamot, kaya mangangailangan ng root canal na paggamot.



4. Babalik pa rin ba sa pagkasungki ang aking mga ngipin pagkatapos ng orthodontic na paggamot?

Habang buhay na patuloy na gagalaw ang mga ngipin. Karamihan ng paggalaw ng mga ngipin ay nasa karaniwang limitasyon lang, at mapapanatiling maliit ng wastong pagsusuot ng mga retainer ang mga pagbabagong ito.

Mga pangkalahatang ideya:

Matagal na proseso ang orthodontic na paggamot at nangangailangan ito ng maraming panahon at kooperasyon ng kliyente.

- Karaniwang sikolohikal na bagay ang maliliit na paggalaw ng ngipin, hindi lahat ng kondisyon ay nangangailangan o laging nabebenipisyuhan ng orthodontic na paggamot.
- Dapat mong hingin ang payo ng isang orthodontist at unawain ang mga maaaring kahirapan at panganib na napapaloob sa iminumungkahing paggamot bago ka magdesisyon.